

1

“Salamat, anak. Recession kasi talaga dito sa Vegas,” sabi ng ina ni Lynn. “Thank you for understanding.”

“Makakaasa kayo, Inay,” sabi niya. “Love you, ’bye.”

Baliktad na talaga ang mundo. Siya na nasa Pinas ang nagpapadala ng pera sa Las Vegas, para sa kanyang mga magulang. Natanggal ang mga ito sa trabaho.

Retrenchment daw sa hotel na pinagtatrabahuhan ng mga ito bilang maintenance staff. Nga lang, ang hindi alam ng mga ito ay katatanggal din lang din sa kanya sa trabaho. Bad luck comes in threes daw talaga.

Ang kaibahan lang nila, may savings at SSS pension ang mga magulang niya. Pero dahil natutong mag-impok, hindi halos ginagalaw ang nasa bangko. Kaya siya ngayon ang inuutangan ng mga ito.

Halata namang naiinggit ang asawa ng boss nila sa kanya kaya siya nasibak. Aanim na buwan pa lamang kasi si Lynn sa trabaho ay ang dami na niyang naibentang luxury cars. Tumaas nang tumaas ang porsyento ng komisyon niya. Samantalang si Madam, isa ring luxury car broker sa kumpanya nila, ay halos walang benta.

Unfair! Unfair! Unfair! Nanggigigil siya. Maanong imagine-nin niya na sinasabunutan niya si Madam Di-Makabenta? Bumuntong-hininga siya. Gusto niyang dikdikin ang kanyang singsing.

“Akala ko ba suwerte ang dala mo? Ba’t minalas yata tayo?” tanong niya sa singsing.

Nilakad ni Lynn ang kahabaan ng Emerald Avenue. Padilim na at nagrereklamo na ang kanyang tiyan. Napalunok siya nang mapatingin sa magkabilang five-star hotels, naisip ang mga nagaganap na buffet dinners sa loob.

Mag-gate crash kaya siya? Tiningnan niya ang suot na pantalong maong, sneakers, at T-shirt. Hindi puwede. Maa-out-of-place siya sa mga tuxedo at cocktail dresses ng mga nagdiriwang at kumakain.

Mag-waitress kaya siya? Pansamantala. Quick cash at instant food din iyon. Pero pinaghalong sales at automotive ang expertise niya, hindi spaghetti at apple pie.

Bumuntong-hininga si Lynn. Nag-ingay uli ang tiyan niya. Nadadala na siya ng pagkahabag sa sarili. Kanina pa niya nilalakad ang mga side streets ng Maynila sa kahahanap ng mapapasukang trabaho. Walang tumanggap sa kanya. Nawalan na yata ng hiwaga ang kanyang singsing.

“Tulungan n’yo po ako,” marahan niyang bulong habang pinipihit-pihit ang singsing na may simpleng tampok na pulang-

pulang ruby. Siyempre wala siyang narinig mula roon. Buti na lang. At least, di pa siya nababaliw.

Imagine, Lynn, imagine-nin mo ang cash flow na karapat-dapat na matanggap mo, sabi niya sa isip. Iyon ang laman ng kanyang isip nang mga sandaling iyon. Na may cash-flow siya. Na masaya siyang nagpapadala sa mga magulang niya sa States. Na nagbebenta na ulit siya ng luxury cars, na hilig niya talagang gawin.

How she loved cars! Ano kaya ang pakiramdam ng nagda-drive ng *Mercedes*? Eh, ng *Audi*?

Iyon lang ang simpleng pangarap niya sa buhay: makapag-drive ng mga sasakyang mamahalin. Iyon ang hilig ni Lynn at ng kanyang ama.

“Maganda sigurong dumalo ng parties, ano?” sabi niya sa singsing niya. Ngumisi siya dahil di talaga niya ugaling kausapin ang singsing. Marahil, dala lang iyon ng gutom.

Sinulyapan niya ang kanyang singsing. Nagbabaka-sakaling epektib ang ginawa niyang pagkausap doon. Kinindatan lang siya ng ginintuang kislap nito na nakuha sa mga ilaw ng chandelier ng isang hotel lobby.

Imbes na dumaan sa avenue at makipagsabayan sa rumaragasang sasakyan, pinili ni Lynn na mag-shortcut sa mga parking lots. Para na rin makita niya ang iba’t ibang istilo ng mga sasakyan ng mga mayayaman. Bata pa lang siya, hilig na niya

ang mang-usyoso sa iba't ibang uri ng mga sasakyan. Pareho sila ng kabaliwan ng kanyang ama—kotse.

At nakita niya ang kailan lang ay pinangarap niyang mahaplos man lamang—hayun at nakaparke sa tabi ng isang malaking hotel—ang pinakabagong model ng *Audi*.

Napasinghap si Lynn. Lumapit siya at pinadapo ang kamay sa makinis na katawan ng sasakyang kakulay ng gabi. Lumingalinga siya at hinanap ang driver niyon. Tiyak niya, hindi ang may-ari ng kotse ang nagmamaneho ng *Audi*, kundi isang private driver. At sigurado niya, nakikipaglaro ng baraha ang chauffeur na iyon sa ibang nag-uumpukang drivers.

Alin iyon sa mga ito?

Wala siyang pakialam kung sabihin man nitong napakadelantada niya. Sino ba siya para magtanong tungkol sa kotse ng boss nito? Carnapper? Pero nangangati ang kamay niya at gusto niyang makita ang loob ng bagong sasakyan.

“Di ako makakatulog, sige na,” praktis niya. “Ang suwerte n’yo, kayo ang nagda-drive nito.”

Kapag nahipo ni Lynn ang manibela ng kotse, okay na. Marahil ay amoy-mayaman ang sasakyan. Gusto niyang malaman. Sana payagan din siyang maupo sa driver’s seat ng *Audi*. Pero kung hindi, okay lang.

Huminga siya nang malalim saka naglakad papunta sa

mga drivers na naglalaro ng baraha habang naghihintay sa mga amo nilang galing sa party, lasing.

“Aray... araykupu...” Narinig iyon ni Lynn. Narinig din niya ang sumunod na daing.

Hayun, isang unipormadong chauffeur, nakasandal sa nakaparadang *Lexus*. Hindi ito katangkaran. Sumisilip sa chauffeur’s cap ang puti nitong buhok. Mabait ang mukhang lukot dahil sa sakit na dinaranas.

“Kuya, okay lang po ba kayo?” usyoso niya. Tiningnan niya ang kamay na mahigpit nitong hinahawakan.

“Ar-traytris. Ang ar-traytis ko,” sabi nito at tiningnan siya.

Tuloy naalala ni Lynn ang kulubot na mukha ni Bozo, ang asong alaga nila noong grade three siya. Sana tinanggap ni San Pedro ang kaluluwa ng pinakamabait nilang alaga, saan man ito naroroon. Naalala niyang ipinagdasal niya ito at naglagay pa siya ng gumamela sa puntod nito. Naawa siya sa mabait na aso. Naawa rin siya sa matandang driver na kaharap niya ngayon at naluha siya.

“Paano ko kayo matutulungan?” tanong niya.

“Pahinga lang ang kailangan nito,” sagot ng driver. “Kaya lang ipagda-drive ko pa si Sir. Hindi pa ako puwedeng umuwi ngayon.” Dumaing ulit ito.

“Bakit, wala bang kamay si Sir mo? Di puwedeng mag-

drive? Di marunong?” usyoso niya.

Umiling ang matandang driver.

“Maraming inaasikaso iyon. Kahit sa loob ng kotse ay nakikipag-usap sa cellphone o kaya’y nakaharap sa laptop,” depensa nito sa amo. “O kaya’y nakakatulog dahil sa pagod.”

Hinipo nito ang minamanehong sasakyan. Nanlaki ang mga mata ni Lynn. Ang itim na *Audi* iyon!

Tiningnan niya ang matandang driver.

“Kung sana may kahalili ako. Wala, eh,” sabi nito, nagkibit-balikat.

“Wala ba kayong kakilala?” kulit niya. “Kasi mas delikado ho kung magda-drive kayo nang may dinaramdam. Kahit power-steering pa iyan, kahit high-tech pa iyang *Audi* ninyo...”

Natigilan ang dalaga. Umilaw ang sandosenang headlights sa ulo niya.

“Baka ho gusto ninyong ipahinga muna ang kamay ninyo, puwede ho akong pumalit sa inyo.” Pinigil niya ang entusyasmong sa kanyang tinig. Baka mahalata nitong may obsesyon siya sa *Audi*.

“Mga sampung taon na ho akong nagmamaneho, o,” sabi ni Lynn sabay dukot ng driver’s license sa pitaka. “Sixteen pa lang ako, tinuruan na akong magmaneho ni Tatay. Iyong kakarag-

karag pang jeep niya ang gamit namin.

“Tingnan n’yo, o,” sabi niya sabay abot dito ng kanyang lisensya. Kinuha nito iyon at sinuri.

Pumormal siya ng ayos ng mukha dahil pabalik-balik ang sulyap ng matandang driver sa kanya at sa lisensya niya. Inaninag siya nito sa liwanag ng mga poste sa parking lot. Pinigil ni Lynn ang hininga, abalang inikot-ikot ang singsing sa kanyang daliri.

“Teka,” sa wakas ay nagsalita ang driver. “Anak ka ba ni Buenaventura?” sabi nito sabay sulyap sa kanya.

“O-oho,” sagot niya. May atraso ba rito ang tatay niya?

“Ni Kumpareng Toper?”

“Ako nga po,” sabi niya.

Ngumiti ito, tumawa nang bahagya at umiling. Namatay lahat ng maliliwanag na headlights sa isip ni Lynn. There goes her *Audi* dream.

“Kumusta si Kumpare?”

“Matagal na hong nag-retire sa pagtatalyer.”

“At ikaw si Kuting?”

Namula siya nang marinig mula rito ang palayaw sa kanya ng ama.

“O-oho.”

“Kristoffer!” bulalas ng matandang driver.

Napaatras siya dahil bigla nitong inabot ang kanyang kamay, sabay tampal sa braso niya.

“Kristoffer, anak...”

Kumunot ang noo niya. Alam niyang legal siyang anak ng mga Buenaventura. Dalawa ba ang tatay niya? Sino itong...

“Si Ninong Emilio ako,” sabi nito. Nakahinga si Lynn nang magpakilala ito, bagaman wala talaga siyang kinamulang ninong. Fairy godmother...

“Ang tagal kong nadestino sa U.K. Nagretiro ako bilang family driver doon at dahil walang magawa, heto...” At nalungkot ang mukha nito. “Kung di nga lang dahil sa ar-traytis ko...”

At umilaw ulit ang sandaang headlights sa ulo ni Kristoffer Lynn Buenaventura.

“Ninong?” sabi niya, inaninag ang mukha nito. “Ninong, kayo nga!” At niyakap niya ang matandang chauffeur na sa buong buhay niya ay di pa niya nakikilala.

“Alam n’yo, magpahinga muna kayo. Umuwi muna kayo. Nakita n’yo naman ang driver’s license ko, o,” sabi niya rito at mabilis na pinihit-pihit ang magic ring niya.

“Mabuti pa, ituro n’yo ang high-tech na features nitong *Audi* at nang magkaroon na kayo ng kahalili.”

Rerehistro na sana ang pagdududa sa mga mata ng matanda, pero naagaw iyon ng isang kidlat na sakit ng arthritis. Umaray ito.

Inakbayan niya ito bilang pagdamay. At para makita nitong concerned siya sa kalagayan nito.

“Sabihin mo kay Sir, ikaw ang napili kong relyebo,” sabi nito at saka binuksan na ang *Audi*. Pakiramdam ni Lynn ay lumulutang siya sa tuwa.

“Aayusin ko na lang sa opisina ng HR bukas ang pagbabagong ito,” sabi nito, sabay hawak sa inutil na kamay.

“Magkikita tayo bukas, Ninong,” sabi niya. “Di man kita nakita nang lumalaki ako, sobra-sobra naman ang tulong mo sa akin ngayon.” Inakbayan niya ang matanda para makita nitong concerned siya rito.

“Good evening, Sir,” bati niya sa pinakamababang timbre ng kanyang boses. Napalunok siya nang mamasdan ang bilyonaryo.

Ang akala ni Lynn ay may edad na ang lalaki. Mabait, disiplinado, at madunong: iyon ang larawang gumuhit sa kukote niya, base sa pinagsasabi ni Ninong Emilio niya.

Iba ang tumambad sa kanya. Mahaba ang maitim na buhok ng lalaki at malapit na iyong makalas sa pagkakatali. Malapad ang mga balikat nito na sukat na sukat lamang sa suot nitong

itim at plantsadong suit jacket.

Yumuko si Lynn nang bahagya at itinaas ang cap bilang pagbati sa kasama nitong babae. Pero hindi siya pinansin ng mga ito. Imbes ay nagpatuloy lang ang babae sa pagsasalita.

“Why won’t you listen to me?” pagmamaktol ng babae habang hinihintay na pagbuksan ito ng pinto ng kotse. Walang-imik na ginawa iyon ni Lynn.

“Huwag mo nang ituloy ang pagdo-donate mo,” narinig niyang sabi ni Babae nang padabog itong maupo sa kotse. “Let them eat their own words. Sila rin lang ang nagpa-press release ng mga kontrobersya tungkol sa iyo. Nabasa mo na ba ang front page sa isang tabloid kahapon? Nandoon ka na naman. Steven, I think it’s wiser kung umalis muna tayo ng bansa. Go to the Bahamas, go on a cruise...”

Hindi na pinakinggan pa ni Lynn ang pinagsasasabi ng babae. Isang pangalan lamang ang umalingawngaw sa ulo niya. Steven Andrada. Kahapon nga ay laman ulit ito ng mga tabloids. Front page pa. May isa na namang babaeng nagsampa rito ng kasong harassment. Matapos daw itong makapag-close ng real estate sales ay kung anu-anong sexual innuendos na raw ang binitiwang nito.

Ito pala si Steven Andrada in person. Ang ‘boss’ niya.

Sana huwag nitong mahalatang medyo masikip sa bandang dibdib ang pantaas niyang chauffeur’s uniform at medyo

With This Ring - Mika Edelstann

masikip ang pantalon sa mga balakang niya. Ang liit kasing tao ni Ninong Emilio. Pakiramdam niya ay bibigay ang mga tahi ng unipormeng ipinahiram nito sa kanya kanina nang ihatid niya ang matanda sa bahay nito. Prinaktis nila ang pagpapatakbo niya ng sasakyan.

Nakita niyang dumako na nga ang mga mata ng bilyonaryo sa kanyang mukha, pababa sa mga dulo ng kanyang suot na sapatos.

“Buenaventura at your service, Sir,” sabi niya rito sabay tanggal ng chauffeur’s cap. “Karelyebo ako ni Mang Emilio.” Kanina pa niya saulado ang mga linyang iyon.

Mabilis niya itong ipinagbukas ng pinto ng sasakyan at mabilis din niyang kinabig iyon pasara bago pa ito makasagot.

Paupo na siya sa driver’s seat ay hindi pa rin tumitigil sa pagdada ang kasama nitong babae. Tila iniignora ito ng lalaki.

“You just turned me off!” Sumabog na nga ang bulkan.

Gustong takpan ni Lynn ang mga tainga sa lakas ng boses ng babae. Pinaandar na niya ang sasakyan. Sana tumikom na ang bibig nito.

“Stop the car,” utos ni Babae nang umatras siya para lumabas ng parking space. “I’m getting out. And don’t call me ever again, Steven.”

Pagkababa ng date ni Steven Andrada, gusto niyang

maghanap ng *Lysol* spray para maalis ang amoy ng alak at mamahaling pabango sa sasakyan.

Tahimik niyang minaneho ang sasakyan sa maluwag na highway, papuntang expressway. Kanina pa sinaulo ni Lynn ang itinerary ng bilyonaryo. Sa araw na ito, ang Philanthropists's Party na naganap ang pinakahuling naka-schedule. Ihahatid na niya ngayon ang lalaki sa penthouse nito sa Global City at igagarahe ang *Audi* sa basement ng gusali nito.

Bukas, maaga pa'y ihahatid niya ito sa isang business meeting slash breakfast, pagkatapos ay sa opisina. Doon na niya ibibigay ang susi ng *Audi* kay Mang Emilio.

Now that Lynn got her wish—to drive the car that she's crazy about—she felt really happy.

“Yeah, baby!” bulong niya habang pinatatakbo ang kanyang dream car.

Sinilip niya ang kanyang pasahero. Tahimik itong nakaupo, malapit nang maidlip. Pinasibad pa niya ang *Audi*.

“Awesome,” saad niya, a la Jessica Alba, nang marating nila ang expressway. Made in heaven ang sasakyang ito. Para bang nagmamaneho siya sa ulap.

Nag-relax siya at tinapik-tapik ng mga daliri ang manibela na nababalot ng malambot na leather. She could drive this car forever. Kahit saan. Kahit hanggang sa dulo ng mundo.

With This Ring - Mika Edelstann

Bumuntong-hininga siya. Kinapa ang kanyang ‘mahiwagang singsing’ at hinipo ang tampok na ruby. Sa totoo lang, gusto niyang maniwalang magic ring nga ito. Tulad ng kinagawian, hinipo niya iyong muli saka nag-isip.

Balang-araw magkakaroon din siya ng magarang sasakyan. Tulad nito. At kahit naka-gown siya at galing sa party, siya mismo ang magmamaneho.

Tiningnan niya ang kanyang singsing at ngumiti. Mamayang gabi, bago matulog, ire-recharge niya ang singsing tulad ng ginawa ng bida sa nabasa niyang romance novel. Sana naman bukas ay magkaroon na siya ng matinong trabaho. Sana iyong sa car sales muli dahil kailangang-kailangan niya ngayon ang magkaroon ng malaking komisyon.

Inihinto niya ang *Audi* sa parking space sa basement ng gusali at hinayaan ang pasaherong ayusin nito ang sarili nito at lumabas ng kotse. Na hindi nito ginawa.

O, ano. Inaantok na ako.

Inis na sinulyapan niya ag lalaking nakahandusay sa likod ng sasakyan. Kasama ba sa job description ang pag-akay at pagkarga sa lasing na amo papunta sa tuktok ng gusali? Natigilan siya nang sulyapan niya itong muli.

Pulang-pula at namamaga ang mukha ang lalaki.

With This Ring - Mika Edelstann

“Sir?” sabi niya sabay yugyog dito.

“Unh,” sabi nito. Inaapoy ito ng lagnat. Hirap itong huminga. Kulay-abo na ang mukha nito.

Pinasibad niya ang sasakyan palabas ng basement, papunta sa pinakamalapit na emergency room.